



Pamumuhay nang naaayon sa batas sa Australya

Isang buod na gabay sa batas at sistema ng batas sa Australya

Pangkalahatang-ideya

Ang Australya ay isang demokratikong lipunan kung saan ang isang tao ay itinuturing na inosente hangga't hindi napapapatunayang nagkasala.

Ang aming batas ay nagmula sa batas na ipinasa sa Parlyamento, batas na ginawa ng mga awtoridad (tulad ng mga tuntunin at regulasyon) at batas na nanggaling mula sa mga korte na nagbibigay-kahulugan sa batas.

May tatlong iba't ibang antas ng pamahalaan sa Australya:

- Pamahalaan ng Komonwelt (Pederal);
- Mga pamahalaang estado o teritoryo; at
- Mga lokal na konseho.

Ang mga mamamayan ay pinapayagan na magkaroon ng dalawang pagkamamamayan, gayunpaman ang kanilang Australyanong pagkamamamayan ay maaaring alisin kung ang katapatan sa Australya ay napag-aalinlanganan.

Mga Prinsipyo ng Sistema ng Batas sa Australya

Ang sistema ng batas sa Australya ay nakasalalay sa isang hanay ng mga pangunahing prinsipyo: ang pagiging patas, ang pagiging hayag, at ang pinakamahalaga, ang pagkakapantay-pantay sa harap ng batas.

Ang pagkapantay-pantay ay nangangahulugang tinatrato ng sistema ng batas nang pantay-pantay ang lahat, sila man ay mayaman o mahirap, o mula sa ibang mga bansa.

Ang mga pagbibigay ng suhol (halimbawa, pera o mga regalo) sa mga pulis, mga hukom at iba pang mga opisyal ng gobyerno sa pag-asa na sila ay gagawa ng desisyon na pabor sa iyo ay labag sa batas at hindi uubra, at kadalasa'y naglalagay pa lalo sa iyo sa gulo! Ang pagkakapantay-pantay sa batas ay nangangahulugan din na ang lahat ay dapat nakakalapit sa hustisya, maging iyon ay paglapit sa sistema ng batas o sa batas.

Maraming mga pamamaraan upang makalapit:

- Sa pamamagitan ng abogado o law firm;
- Sa mga walang kakayahan na magbayad ng kanilang sariling abodago, mayroong tulong na makukuha sa pamamagitan ng mga sentro ng batas sa komunidad, Tulong sa Batas, at LawRight. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga organisasyon na makatutulong.
- Ang sinuman ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa Batas Pederal sa website na www.legislation.gov.au o batas ng Queensland sa www.qld.legislation.gov.au



Magkakaiba ang ilang mga batas sa mga estado at teritoryo ng Australya, kapag lumipat ka mula sa isang estado patungo sa ibang estado, makikita mo na magkakaiba ang ilang batas.

Ang Sistema ng Magkatunggali (Adversarial System)

Itinatampok ng Australya ang isang sistemang ng batas na 'magkatunggali' kung saan ang dalawang partido ay nakikipagtalo para sa kanilang kaso sa harap ng isang independiyenteng tagapagpasya. Ang independiyenteng tagapagpasya ay maaaring isang hukom, hurado, o ibang lupon, tulad ng isang husgado. Pakikilingan ng tagapagpasya (hal. ang hukom) ang argumento ng magkabilang panig tungkol sa alitan pagkatapos ay ilalapat ang batas para makapagpasya.

May makukuhang tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa serbisyo ng Pambansang Pagpapayo sa 1800 RESPECT (1800 737 732) at sa pamamagitan ng mga sentro ng suporta sa komunidad. Pananatiliing kumpidensyal ang iyong impormasyon at hindi malalaman ng ibang tao na humingi ka ng tulong maliban kung nagbigay ka ng pahintulot na makipag-ugnay sa kanila.

Batas ng Konsyumer



Ang Australian Consumer Law (ACL) ay nagbibigay ng proteksyon sa mga konsyumer at negosyo sa kanilang pang-araw-araw na pangangalakal. Pinakamahalaga para sa mga konsyumer ang pambansang batas na naggagarantiya sa mga karapatan ng konsyumer kapag bumibili ng mga kalakal at serbisyo.

Mayroong awtomatikong garantiya na ang mga produkto at serbisyo na iyong binili ay aandar at gumagana gaya ng iyong inaasahan. Kung hindi natugunan ng produkto o serbisyo ang garantiya na ito at patuloy na hindi natutugunan ang garantiya na ito sa tiyak na haba ng panahon, mayroon kang karapatan na humiling ng pagkumpuni, pagpapalit o pagsasauli sa ibinayad, depende sa aytem o serbisyo at kung ang isyu ay malaki o maliit. Pumunta sa www.accc.gov.au/consumers/consumer-rights-guarantees o consumerlaw.gov.au para sa higit pang impormasyon.

Batas sa Paghahanap-buhay

Ang pambansang minimum na pasahod ng Australya at ang National Employment Standards (NES) ay nagbibigay ng minimum na mga karapatan sa paghahanap-buhay na kinakailangang ibigay sa lahat ng mga empleyado. Hindi maaaring alisin ang mga minimum na karapatang ito sa anumang kontrata mo sa isang tagapag-empleyo.



Ang Fair Work Ombudsman (Ombudsman sa Makatarungang Trabaho) ang dapat tawagan para sa mga isyu na may kinalaman sa paghahanap-buhay. Bisitahin ang kanilang site sa www.fairwork.gov.au.

Dahil sa sistemang ito, ang tagapagpasya ay dapat manatiling walang kinikilingan at hindi maaaring magkaroon ng personal na interes sa desisyon.

Hindi nila maaaring kilingan ang isang panig kaysa sa kabila at makakapag-desisyon lamang nang ayon sa batas. Halimbawa, hindi maaaring maging tagapagpasya ang isang hukom sa isang kaso kung saan ang isa sa partido ay kaniyang kaibigan, kamag-anak, doktor o iba pang tao na kaniyang kakilala.

Sa korte, may karapatan ang dalawang partido na iharap ang kanilang ebidensiya at isalaysay ang kanilang bersyon ng mga pangyayari sa tagapagpasya bago marating ang desisyon. Halimbawa, kung ikaw ay pinaratangang nagkasala ng pulisya, mayroon kang karapatang alamin kung ano ang ipinaparatang sa iyo (iyon ay, kung ano ang batas na iyong nilabag) at ipakita ang katibayan laban sa iyo nang sa gayon ay maaari mong ipagtanggol ang iyong sarili sa korte.

Ang pagpunta sa korte ay isang magastos at matagal na proseso, na kadalasang inilalaan bilang pinakahuling opsyon. May iba pang mga pamamaraan upang lutasin ang inyong alitan bago pumunta sa korte. Mayroong tulong na makukuha sa mga sentro ng batas sa komunidad, Tulong sa Batas, at LawRight.

Mga Batas sa Australya

Mayroong dalawang uri ng batas sa Australya - batas na pangkrimen at batas-sibil.

Pinarurusahan ng batas na pangkrimen ang mga tao na ang mga kilos ay itinuturing na hindi katanggap-tanggap. Halimbawa, ang pagpatay, pag-atake, sekswal na pagkakasala, pagnanakaw, at mga paglabag sa trapiko ay pawang mga pagkakasalang krimen.

Saklaw ng batas-sibil ang mga pribadong alitan. Kabilang dito ang mga alitan sa pagitan ng dalawang pribadong indibidwal at ang alitan sa pagitan ng indibidwal at organisasyon. Kabilang sa mga halimbawa ang mga alitan sa pagitan ng empleyado at tagapag-empleyo, sa pagitan ng maylupa at nangungupahan, o kapag bumibili ng lupa o ari-arian.

Ipinagbabawal din sa batas ang paggamit ng hinahawakang cellphone habang nagmamaneho, kahit na ikaw ay nakahinto sa ilaw-trapiko. Dapat nakasuot ng seatbelt ang lahat ng tao sa loob ng umaandar na sasakyan, maging ang mga pasahero sa likuran ng sasakyan. Dapat walang kamay na nakalabas sa sasakyan.

Bisitahin ang website na www.tmr.qld.gov.au/Safety/Queensland-road-rules para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panuntunan sa trapiko at kalsada sa Queensland.

Batas na Pampamilya

Paghihiwalay



Kung masira ang isang relasyon, lilitaw ang mahihirap na isyu tulad ng hatian sa ari-arian, kanino maninirahan ang mga anak at paano susuportahan ng magkapareha ang kanilang sarili at ang kanilang mga anak. Ito ay isang mabigat na sandali at ang mga kaibigan at kapamilya o mga serbisyong tulad ng pagpapayo ay maaaring makatulong na pagaanin ang iyong nararamdaman.

Mayroon ding mga Family Relationship Center (Sentro ng Relasyong Pampamilya) na tutulong sa iyo at sa iyong mga anak upang makayanan ang mga pagbabago. Bumisita sa serbisyong suporta sa komunidad o sa website na www.familyrelationships.gov.au para sa higit pang impormasyon.

Karahasan sa pamilya

Kapag ang karahasan, pagbabanta o iba pang pag-uugali ay ginamit ng isang tao upang pilitin o kontrolin ang isang miyembro ng pamilya, o ikinatatakot ng miyembro ng pamilya, ito ay tinatawag na karahasan sa pamilya. Karaniwang nangyayari ang karahasan sa pamilya kapag mayroong karahasan sa pagitan ng adulto na magkapareha at dating magkapareha, kapag ang mga bata ay inabuso o pinabayaan ng isang adulto, kapag gumagamit ng karahasan ang isang bata laban sa kaniyang magulang, at kapag ang karahasan ay nagaganap sa pagitan ng magkakapatid.

Maraming uri ng pag-uugali ang maaaring karahasan sa pamilya, kabilang ang pag-atake, paniniktik, sinadyang pagpinsala sa ari-arian o pananakit sa

alagang hayop, o hindi makatwirang pagkakait ng pinansiyal na suporta. Marami pang ibang mga pag-uugali ang maaaring ituring na isa ring karahasan sa pamilya; pumunta sa www.familycourt.gov.au at i-click ang “Karahasan sa Pamilya” para sa higit pang impormasyon.

Mga Batas sa Edad

Sa Queensland, itinuturing ka na isang menor de edad kung wala ka pang 18 taong gulang. Maliban sa ilalim ng sistema ng hustisyang pangkrimen, kung saan ikaw ay ituturing na isang adulto kung ikaw ay 17 taong gulang o higit pa. Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, hindi ka pinapayagang bumili ng alak at tabako (sigarilyo) o bumoto. Maaaring kang makakuha ng lisensya sa pag-aaral ng pagmamaneho sa edad na 16.

Mga Panuntunan sa Kalsada

Ang mga batas sa kalsada at trapiko ay ipinapatupad ng mga pulis, inspektor sa transportasyon, at mga opisyal ng lokal na konseho. Ang mga panuntunan ay maaaring kaiba o hindi katulad sa ibang bansa kaya tiyakin na sinasanay mo ang iyong sarili sa mga panuntunan ng Australya upang maiwasan ang mga multa at iba pang mga parusa tulad ng suspensyon sa lisensya o hinatak na sasakyan.

Mga Kahingian sa Lisensya at Pagpaparehistro

Dapat ay may hawak kang balido, kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho upang makapagmaneho sa Australya. Ang mga nagmamanehong mula sa ibang bansa na bumibisita sa Australya na walang permanenteng visa ay pinapayagan na gamitin ang kanilang lisensya mula sa ibang bansa upang magmaneho sa karamihan ng mga estado at teritoryo sa Australya; gayunpaman, dapat mong dalhin ang iyong lisensya mula sa ibang bansa at isang internasyonal na permit sa pagmamaneho o isang pagsalin sa Ingles kung ang lisensya mula sa ibang bansa ay hindi nakasulat sa Ingles.

Kung may pagbabago sa iyong visa o kalagayan ng pagkamamamayan, o napaso na ang iyong lisensya mula sa ibang bansa, kailangan mong kumuha ng lisensya sa pagmamaneho na inisyu sa Australya. Ang higit pang impormasyon para sa mga drayber mula sa ibang bansa ay matatagpuan sa <http://www.austroads.com.au/drivers-vehicles/overseas-driver-licences/visiting-drivers>.

Ang lahat ng mga sasakyan na minamaneho sa Australya ay dapat na nakarehistro at may Compulsory Third Party na seguro (kilala bilang ‘CTP na seguro’). Pinoprotektahan ka nito mula sa pananagutang pinansiyal kung saan ang isang aksidente na kinasasangkutan ng iyong sasakyan ay nakapinsala o nakapatay ng isang tao. Hindi nito saklaw ang pinsala sa mga sasakyan o iba pang ari-arian na sangkot sa aksidente, kaya lubos na inirerekomenda sa lahat ng mga sasakyan na magkaroon din ng polisa ng seguro na saklaw ito.

Mga Multa at Demeritong Puntos



Sa Australya, ang mga drayber ay nagsisimula sa sero na puntos at idaragdag sa kanilang rekord kung sila ay gumawa ng pagkakasala. Ang laki ng multa at bilang ng mga demeritong puntos na naitala ay iba-iba depende sa pagkakasala. Ang iyong lisensya ay maaaring suspindihin kung napakarami na ng iyong mga demeritong puntos.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga limitasyon ng demeritong puntos, panahon ng suspensyon ng lisensya at halaga ng multa, bisitahin ang sumusunod na website ng Pamahalaan ng Queensland <https://www.qld.gov.au/transport/safety/fines/demerit>.

Ang mga hindi binayarang multa ay nadaragdagan ng parusa kaya mahalaga na bayaran ang multa sa takdang panahon.

Ang mga takdang tulin ay mahigpit na ipinatutupad sa Australya. Laging sundin ang mga karatula ng takdang tulin. Kung walang karatula ng takdang tulin, ang umiiral na takdang tulin ay 50km/h sa mga lugar na maraming gusali. Ang mga lugar sa paligid ng mga paaralan ay may natatanging “sonang pampaaralan” na gumagana sa partikular na mga oras sa mga araw na may pasok upang limitahan ang takdang tulin sa 40km/h. Ang mga limitasyon na ito ay mahigpit na ipinapatupad at ang pulisya ay madalas na nagpapatrolya sa mga lugar na ito at nagbibigay ng mga multa at demeritong puntos sa mga lumalabag.

Ang mga panuntunan sa pagparada at paghinto ay ipinapatupad sa lahat ng oras maliban na lamang kung iba ang nakasaad sa mga bahaging may karatula. Ang ilang mga halimbawa ng mga paglabag sa pagparada ay ang dobleng pagparada (pagparada sa kalsada sa tabi ng isa pang kotse na nakahilera ang pagkaparada sa gilid ng kalsada) o pagpadara sa kahabaan ng kalsada na may markang tuloy-tuloy na dilaw na linya.

Ang mga hudyat-trapiko ay dapat sundin sa lahat ng oras. Sa mga sangandaan na may mga hudyat-trapiko, hindi ka maaaring magmaneho habang nasa pulang ilaw o pulang arrow.

Ang hindi pagsunod ay lalapatan ng malaking multa kapag nahuli. Halimbawa, ang multa na \$378 AUD at tatlong (3) demeritong puntos ay ilalapat kung binale-wala ang pulang ilaw-trapiko o arrow sa pagmamaneho. Labag din sa batas na magmaneho na may impluwensiya ng alak o droga.

Maaari kang pahintuin ng mga pulis para magsagawa ng biglaan (random) na pagsusuri sa hininga o laway para tingnan ang antas ng alkohol at suriin kung ikaw ay gumamit ng ipinagbabawal na droga.

Kailangan mo ba ng tulong?

Telepono 1800 155 121

Central Queensland
Community Legal
Center (CQCLC)



Ang CQCLC ay isang malaya, nakatalaga sa komunidad, hindi pinagkakakitaang organisasyon na nagbibigay ng tulong sa batas at pagtataguyod para sa hanay ng mga tao at grupo sa komunidad, lalo na sa mga mabababa ang kita o mas malamang na madedehado sa kanilang paglapit sa batas.

Pagkilala



Ang impormasyon sa publikasyong ito ay pangkalahatang impormasyon lamang. Kung hindi ka sigurado tungkol sa iyong mga karapatan sa batas, dapat kang humingi ng payo sa batas. Kinikilala ng CQCLC ang tulong ng Central Queensland Multicultural Association Inc. sa pagbuo ng publikasyong ito.

© CQCLC 2018